

ACTIVITY

- A. Sino ang mga tauhan na ito? Magbigay ng talong paglalarawan kila Abel at Cain. Isulat ang sagot sa loob ng box. Kulayan ang larawan matapos sagutin.



- B. Kumpletuhin ang pangungusap. Isulat ang sagot sa patlang.

1. Sina Cain at Abel ay mga anak nila _____ at _____.
2. Si Cain ay isang _____ habang si Abel naman ay _____.
3. Nagbigay ng handog ang magkapatid sa _____. Si Cain ay naghandog ng _____ habang si Abel naman ay _____.
4. Hindi kinalugdan ng Diyos ang handog ni Cain kaya ito ay nakaramdam ng _____.
5. Pagdating sa bukid, _____ ni Cain si Abel.
6. Bilang parusa ng Diyos kay Cain, kahit kailan ay hindi na _____ si Cain kahit na bungkalin nito ang lupa.

Sabi sa Hebrews 11:4 Dahil sa pananampalataya sa Diyos, si Abel ay nag-alay ng mas mabuting handog kaysa sa inihandog ni Cain. Kaya naman si Abel ay kinilalang matuwid nang tanggapin ng Diyos ang kanyang handog. Ang ibig sabihin ng pananampalataya sa Diyos ay ang pagkakaroon ng tiwala sa Diyos at sa Kanyang salita. Nakita natin sa kuwento ang kawalan ng tiwala ni Cain sa Diyos dahil hindi siya nakinig sa Kanyang paalala. Mahalaga na sa tuwing naghahandog tayo sa Diyos gaya ng awit o papuri o nagbibigay ng offering o kahit ano pa man bagay, dapat na siguruhin natin na tayo ay may pusong nagtitiwala sa Diyos upang ito ay maging katanggap-tanggap sa Kanya.



C. Basahin ang sitwasyon matapos ay sagutin ang mga tanong.

Nagkaroon ng donation drive ang parent's association ng paaralan kung saan pumapasok ang magkakaibigang Jolly at Rina. Naisip ni Jolly na magtingin ng mga damit na maaari niyang ibigay pagdating sa bahay.



Jolly: Rina, ang dami palang nawalan ng gamit at damit sa mga nasalanta ng bagyo.



Rina: Oo, naalala ko tuloy yung napag-aralan natin sa values class natin.



Jolly at Rina: Hebrews 13:16 At huwag nating kaligtaan ang paggawa ng mabuti at ang pagtulong sa kapwa, sapagkat iyan ang alay na kinalulugdan ng Diyos.

Ang sabay na sinabi ng magkaibigan na may kasiyahan. Sabay umuwi sina Jolly at Rina. Kinabukasan ay dinala nila ang kanilang mga naihandang mga damit at canned goods at ibinigay ito sa kanilang teacher.

Mga Tanong:

- Tama ba ang gagawin ng magkaibigang Jolly at Rina? _____
- Ano ang natutuhan nila Jolly at Rina sa kanilang values class?

- Paano naisagawa nila Jolly at Rina ang natutuhan nila sa Salita ng Diyos? _____

- Paano mo maaaring tularan sila Jolly at Rina?

Ang mga batang tulad natin ay dapat na matutong magtiwala at sumunod sa salita ng Diyos upang tayo ay makagawa ng tama. Sila Jolly at Rina ay naniniwala sa kanilang natutuhan sa salita ng Diyos (Hebrews 13:16) at ito ay kanilang ginawa. Mabuti at tama ang ginawa ng magkaibigan. Mabuti sapagkat ang kanilang ginawa ay nakapagbigay kasiyahan sa Diyos. Tama dahil nagtiwala sila at ginawa ang kalooban ng Diyos.



D. Memory Verse

Hindi maaaring kalugdan ng Diyos ang walang pananampalataya sa Kanya, sapagkat ang sinumang lumalapit sa Diyos ay dapat sumampalatayang may Diyos at Siya ang nagbibigay ng gantimpala sa mga humahanap sa Kanya.

Hebrews 11:6